# Paunawa Tungkol sa Mga Gawi sa Pagkapribado

CommonSpirit

**Epektibo mula Pebrero 16, 2026**

Ipinapaliwanag ng paunawang ito kung paano maaaring gamitin, isiwalat, ang inyong mga karapatan kaugnay ng inyong impormasyong pangkalusugan, kung paano ninyo ito maa-access, at kung paano makapagsusumite ng reklamo tungkol sa paglabag sa pagkapribado o seguridad ng inyong impormasyong pangkalusugan, o sa inyong mga karapatan kaugnay ng inyong impormasyon. May karapatan kayong humiling ng kopya ng paunawang ito (sa papel o elektronikong anyo) at talakayin ito sa team sa Pagkapribado sa privacyoffice@commonspirit.org, o tumawag sa 1.833.793.0588 kung mayroon kayong mga tanong. Mangyaring basahin ito nang mabuti.

## Kung Paano Namin Karaniwang Ginagamit at Ibinabahagi ang Inyong Impormasyong Pangkalusugan

Nauunawaan namin na personal ang inyong impormasyong pangkalusugan at maaaring may alalahanin kayo kung paano ito ginagamit. Pinahihintulutan kaming gamitin o ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga sumusunod na paraan:

**Para Gamutin Kayo:** Halimbawa, maaari naming ibigay ang inyong impormasyong pangkalusugan sa isang espesyalista bilang bahagi ng pagsangguni, o ipaalam sa provider na pangunahing responsable sa inyong pangangalaga na nagkaroon kayo ng pagbisita sa departamento ng emergency, o ng pagpasok, paglabas, o paglipat sa ospital.



*Nakikilahok kami sa mga network ng Health Information Exchange (HIE). Nagbibigay ng paraan ang mga network na ito para ligtas at elektronikong maibahagi ang impormasyong pangkalusugan sa iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan na kalahok sa network para maiwasan ang paulit-ulit na pagsusuri, mabawasan ang mga pagkakamali sa gamot, mapabuti ang mga diagnostic at sa huli ay makapagbigay ng mas ligtas at mas mahusay na pangangalaga. Kung hindi ninyo gusto na maisama ang inyong impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong lugar ng pangangalaga at humingi ng tulong sa departamento ng mga medikal na rekord.*

**Para sa Pagsingil ng mga Serbisyo:** Tulad ng pagpapadala ng impormasyon sa pagsingil sa inyong plano ng insurance sa kalusugan o sa taong may hawak ng inyong polisa ng insurance.



**Para Suportahan ang Aming mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan:** Halimbawa, mga gawain para mapabuti ang inyong pangangalaga, pagsasanay ng kawani, at pakikipag-ugnayan sa mga kasosyo sa negosyo na tumutulong sa mga tungkulin sa negosyo at pamamahala.



*Artificial Intelligence (AI): Maaaring gumamit ang inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ng AI para tumulong sa paggamot (kabilang ang paggawa ng mga diagnosis), pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Magagawa nila ito hangga't saklaw ng kanilang lisensya, sertipikasyon, o awtorisasyon, at hangga't hindi ito ipinagbabawal ng batas pederal o ng batas ng estado.*

## Iba pang Paraan ng Aming Paggamit at Pagbabahagi ng Inyong Impormasyong Pangkalusugan

Pinahihintulutan kami, at kung minsan ay kinakailangan, na ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan sa iba pang paraan para sa mga layunin na kinabibilangan ng:

- Mga layunin sa pampublikong kalusugan
- Mga coroner, medikal na tagasuri, at direktor ng punerarya
- Pag-donate ng organ, mata, o tisyu
- Mga pag-aaral sa pananaliksik
- Mga kautusan ng hukuman at administratibo
- Mga audit o inspeksiyon para sa pagbabantay at pangangasiwa sa kalusugan
- Mga layunin kaugnay ng kompensasyon ng mga manggagawa
- Malubha at agarang banta sa isang tao o sa publiko
- Pag-uulat ng pang-aabuso, pagpapabaya, ilang uri ng pinsala, o karahasan sa tahanan
- Pagpapatupad ng batas, sa ilang sitwasyon (hal., krimen sa loob ng pasilidad)
- Mahahalagang tungkulin ng pamahalaan (hal., pambansang seguridad at intelihensiya, kalusugan at kaligtasan ng mga bilanggo)

## Ang Inyong Mga Pagpipilian

Para sa ilang uri ng impormasyong pangkalusugan, maaari ninyong ipaalam sa amin ang inyong mga napili kung ano ang maaari naming ibahagi.

**Direktoryo ng Pasyente sa Pasilidad:** Nagpapanatili kami ng talaan ng mga pasyenteng na-admit para makatulong sa pamilya at iba pang bumibisita. Maliban kung ipaalam ninyo sa amin na ayaw ninyo, maaari naming isama sa direktoryo ang inyong pangalan, lokasyon sa loob ng pasilidad, pangkalahatang kalagayan, at relihiyong kinabibilangan. Kapag nagbigay kayo ng relihiyong kinabibilangan, maaari itong ibahagi sa mga kasapi ng klero. Kung ayaw ninyong maisama sa direktoryo, mangyaring ipaalam ito sa kawani sa pagpaparehistro.

**Pamilya, Kaibigan, at Iba Pang Tumutulong sa Inyong Pangangalaga:** Maliban kung sabihin ninyo na hindi ninyo ito pinahihintulutan, maaari naming ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan sa kaibigan o kapamilya na kasangkot sa inyong pangangalaga.

**Mga Gawain sa Paglikom ng Pondo:** Maaari kaming gumamit ng limitadong impormasyon tungkol sa inyo para makipag-ugnayan para sa mga layunin ng paglikom ng pondo at ibahagi ito sa aming foundation para sa paglikom ng pondo. Kapag nakipag-ugnayan sa inyo para sa paglikom ng pondo at ayaw ninyo nito, mangyaring ipaalam sa amin ayon sa mga tagubiling nakasaad sa mga materyales sa paglikom ng pondo na maaari ninyong matanggap.

**Programa sa Paggamot sa Sakit sa Paggamit ng Kontroladong Kemikal (Substance Use Disorder, SUD):** Ang mga rekord kaugnay ng paggamot na natanggap mula sa isang programa sa SUD, ayon sa kahulugan ng 42 CFR Part 2, ay may karagdagang

mga proteksiyon at karaniwang nangangailangan ng inyong nakasulat na pahintulot para sa karamihan ng mga pagsisiwalat, kabilang ang para sa paggamot, pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga rekord na ito ay hindi dapat muling isiwalat ng tao o entidad na pinagbahagian namin nito maliban kung makakuha sila ng hiwalay na nakasulat na pahintulot ninyo. Hindi namin ilalabas ang inyong mga rekord ng SUD bilang tugon sa isang sibil, kriminal, administratibo, o lehislatibong proseso nang wala ang inyong pahintulot, maliban kung may nalalapat na limitadong pagbubukod (hal., medikal na emerhensiya, kautusan ng hukuman, krimen sa loob ng pasilidad, pang-aabuso o pagpapabaya).

**Mga Espesyal na Kalagayan:** Karamihan sa mga paggamit at pagsisiwalat ng inyong impormasyong pangkalusugan na may kaugnayan sa mga tala ng psychotherapy, para sa mga layunin ng marketing, o na bumubuo sa pagbebenta ng inyong impormasyong pangkalusugan ay nangangailangan ng inyong awtorisasyon. Sa anumang iba pang sitwasyon na hindi saklaw ng paunawa na ito, hihingi kami ng inyong nakasulat na awtorisasyon bago gamitin o isiwalat ang inyong impormasyong pangkalusugan. Maaari ninyong bawiin ang inyong awtorisasyon sa ibang pagkakataon, maliban kung nakagawa na kami ng mga hakbang batay dito, sa pamamagitan ng pagbibigay-alam sa amin nang nakasulat.

## Ang Inyong Mga Indibidwal na Karapatan

Pagdating sa inyong impormasyong pangkalusugan, mayroon kayong ilang karapatan. Ipinapaliwanag ng seksyong ito ang inyong mga karapatan at ilan sa aming mga responsibilidad para matulungan kayo.

**Makakuha ng Kopya ng Inyong Medikal na Rekord:** Maaari ninyong hilingin na makita o makakuha ng kopya ng inyong papel o elektronikong medikal na rekord na ginagamit para sa paggawa ng desisyon tungkol sa inyong pangangalaga. Maaari ninyong ma-access ang inyong medikal na impormasyon sa pamamagitan ng portal ng pasyente ng CommonSpirit nang walang bayad. Maaari kaming maningil ng makatuwirang bayad batay sa gastos para sa mga kopya ng medikal na rekord.

**Humiling ng Pagwawasto ng Inyong Medikal na Rekord:** Maaari ninyong hilingin na iwasto (baguhin) ang inyong rekord kung naniniwala kayong may pagkakamali ito o kung may mahalagang impormasyon na nawawala sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na kahilingan kasama ang inyong dahilan ng inyong paghiling. Maaari naming tanggihan ang inyong kahilingan kung ang impormasyon ay hindi namin ginawa, kung hindi ito bahagi ng medikal na impormasyon na aming pinananatili, kung hindi ito bahagi ng impormasyong may karapatan kayong ma-access, o kung natukoy naming tama ang rekord. Kung tinanggihan ang inyong kahilingan, maaari kayong magsumite ng nakasulat na pahayag ng hindi pagsang-ayon.

**Humiling ng Tala ng Ilang Pagsisiwalat:** Maaari kayong humiling ng tala ng mga pagkakataon kung saan ibinahagi namin ang inyong impormasyong pangkalusugan, maliban sa para sa paggamot, pagbabayad, o operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, o kung saan pinahintulutan ninyo kaming ibahagi. Maaari ninyong hilingin ang tala para sa anim na taon bago ang petsa ng kahilingan. Kasama sa tala ang petsa ng pagbabahagi, pangalan ng entidad kung saan ibinahagi ang impormasyon (hindi ang partikular na pangalan ng mga indibidwal), at maikling paglalarawan ng layunin. Libre ang unang kahilingan sa loob ng 12-buwan na panahon.

**Mga Kumpidensyal na Komunikasyon:** Maaari ninyong hilingin na maiparating sa inyo sa isang kompidensiyal na paraan ang inyong impormasyong pangkalusugan. Halimbawa, sa isang partikular na numero ng telepono, address, o sa isang partikular na paraan. Susubukan naming igalang ang lahat ng makatuwirang kahilingan.

**Hilingin sa Amin na Limitahan Kung Ano ang Aming Ginagamit o Ibinabahagi:** Maaari ninyong hilingin sa amin na limitahan kung paano namin gagamitin o ibabahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan para sa paggamot, pagbabayad, at operasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Isasaalang-alang namin ang inyong nakasulat na kahilingan at ipapaalam ang aming desisyon sa inyo nang nakasulat, pero hindi kami kinakailangang sumang-ayon dito, maliban sa ilang partikular na kahilingan na huwag ibahagi sa inyong plano ng insurance sa kalusugan kung babayaran ninyo ito nang buo mula sa inyong sariling bulsa.

**Mga Alalahanin at Reklamo:** Kung may pag-aalala kayo na maaaring nalabag ang inyong karapatan sa pagkapribado, maaari kayong makipag-ugnayan sa aming team sa Pagkapribado sa privacyoffice@commonspirit.org, o tumawag sa 1.833.793.0588. Maaari rin kayong magsumite ng nakasulat na reklamo sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa 200 Independence Avenue, S.W., Washington, D.C. 20201, pagtawag sa 1.877.696.6775, o pagbisita sa hhs.gov/hipaa. Hindi kami gaganti laban sa inyo sa paghahain ng reklamo.

## Mga Pagbabago sa Mga Tuntunin ng Paunawang Ito

Maaari rin naming i-update ang paunawang ito. Ang mga pagbabagong ito ay nalalapat sa lahat ng impormasyong mayroon kami tungkol sa inyo, kapwa ang nakaraan at hinaharap. Kung gagawa kami ng mga pagbabago, ang bagong paunawa ay magiging available sa aming website, sa aming mga pasilidad, at magiging available para sa inyo sa bawat pagkakataon na magpaparehistro kayo.

## Pinagsamang Paunawa

Ang mga provider ng CommonSpirit Health ay bahagi ng isang Organisadong Kaayusan sa Pangangalagang Pangkalusugan (Organized Health Care Arrangement, OHCA), isang kolaborasyon sa pagitan ng maraming provider ng pangangalagang pangkalusugan na nagbabahagi ng impormasyong pangkalusugan at nag-uugnay ng pangangalaga para mapabuti ang kondisyon at kalagayan ng pasyente. Pinahihintulutan ng kaayusang ito ang pagbabahagi ng impormasyong pangkalusugan sa pagitan ng mga kalahok ng CommonSpirit Health OHCA para sa paggamot, pagbabayad, at pinagsamang operasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Available ang listahan ng mga miyembro ng OHCA sa commonspirit.org.

## Ang Pangako Namin sa Inyo

Nauunawaan namin na personal ang inyong impormasyong pangkalusugan. Kinakailangan sa amin ng batas na panatilihin namin ang pagkapribado at seguridad ng inyong impormasyong pangkalusugan. Ipapaalam namin kaagad sa inyo kung may mangyaring paglabag na maaaring nakaapekto sa pagkapribado o seguridad ng inyong impormasyon. Susunod kami sa mga gawi sa pagkapribado na inilarawan sa paunawang ito at magbigay ng kopya para sa inyo. Bukod dito, maaari rin ninyong tingnan o i-print ang kopya ng paunawang ito mula sa aming website na commonspirit.org.

# Karagdagang Paunawa Tungkol sa Mga Gawi sa Pagkapribado Para sa Mga Programa sa Sakit sa Paggamit ng Kontroladong Kemikal

CommonSpirit

*Nalalapat lamang sa mga programa sa sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal ayon sa kahulugan ng 42 CFR Part 2*

May karagdagang proteksyon sa pagiging kompidensiyal na nalalapat lamang sa mga rekord na ginawa o pinananatili ng aming Mga Programa sa Sakit sa Paggamit ng Kontroladong Kemikal (Substance Use Disorder, SUD), ayon sa kahulugan ng 42 CFR Part 2. Ang mga proteksiyong ito ay karagdagan sa HIPAA at sumusuporta sa aming Paunawa Tungkol sa Mga Gawi sa Pagkapribado. Kapag may salungatan ang dalawang batas, ang mas mahigpit na alituntunin ang ipatutupad.

## Ang Inyong Mga Pagpipilian

Para sa impormasyon tungkol sa paggamot ng SUD, maaari ninyong ipaalam sa amin ang inyong mga napili kung ano ang maaari naming ibahagi.

**Pahintulot:** Hindi namin maaaring isiwalat na tumatanggap kayo ng paggamot sa SUD, may sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal, o naging pasyente ng aming programa sa SUD maliban kung lumagda kayo ng nakasulat na pahintulot, o kung may nalalapat na limitadong pagbubukod. Maaari kayong lumagda ng isang nakasulat na pahintulot para sa lahat ng hinaharap na paggamit at pagsisiwalat. Maaari ninyong bawiin ang inyong pahintulot sa ibang pagkakataon, maliban kung nakagawa na kami ng hakbang batay dito, sa pamamagitan ng pagbibigay-alam sa amin nang nakasulat.

*Ang anumang pagsisiwalat ng inyong impormasyon sa paggamot sa SUD ay magkakaroon ng sumusunod na pahayag:*

*"Ang impormasyong ito ay isinisiwalat sa inyo mula sa mga rekord na protektado ng mga patakaran sa pagiging kompidensiyal ng Pederal (42 CFR Part2). Ipinagbabawal ng mga patakaran ng pederal ang karagdagang pagsisiwalat maliban kung pinahihintulutan ng 42 CFR Part 2."*

**Ibang Partido:** Ang ibang partido na tumatanggap ng inyong impormasyon sa paggamot sa SUD mula sa amin ay karaniwang hindi maaaring muling magbahagi ito. Gayunpaman, kung bibigyan ninyo sila ng nakasulat na pahintulot, o pinahihintulutan ito ng HIPAA at Part 2, maaari nilang muling isiwalat ang inyong impormasyon.

**Mga Legal na Proseso:** Ang inyong impormasyon sa paggamot sa SUD ay hindi gagamitin o isisiwalat sa anumang sibil, administratibo, kriminal, o lehislatibong proseso laban sa inyo nang wala ang inyong nakasulat na pahintulot o kautusan ng hukuman. Kung makakatanggap kami ng kautusan ng hukuman, ang inyong impormasyon sa paggamot sa SUD ay hindi isisiwalat nang hindi kayo naabisuhan o nabibigyan ng pagkakataong magpaliwanag. Ang mga kautusan ng hukuman na may kinalaman sa inyong impormasyon sa paggamot sa SUD ay dapat may kasamang subpoena.

## Iba Pang Paraan na Maaari Naming Gamitin at Ibahagi ang Inyong Impormasyon sa Paggamot sa SUD

Pinahihintulutan kaming ibahagi ang inyong impormasyon sa paggamot ng SUD nang walang nakasulat na pahintulot sa iba pang paraan para sa mga layunin na kinabibilangan ng:

- Mga medikal na emerhensiya
- Siyentipikong pananaliksik, mga audit, o pagsusuri ng programa
- Kautusan ng hukuman
- Krimen sa loob ng pasilidad ng programa o laban sa mga tauhan ng programa
- Pag-uulat ng pang-aabuso o pagpapabaya sa bata
- Sa isang Kwalipikadong Organisasyon ng Serbisyo (Qualified Service Organization, QSO) na nagbibigay ng serbisyo sa ilalim ng kontrata (hal., pagsingil, serbisyo sa laboratoryo)

## Ang Inyong Mga Indibidwal na Karapatan

Pagdating sa inyong impormasyon sa paggamot sa SUD, mayroon kang ilang partikular na karapatan bukod pa sa HIPAA. Ipinapaliwanag ng seksyong ito ang inyong mga karapatan.

**Humiling ng Tala ng Mga Pagsisiwalat ng Mga Tagapamagitan:** Maaari kayong humiling ng tala ng mga pagsisiwalat ng isang tagapamagitan para sa nakalipas na tatlong taon sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na kahilingan nang direkta sa tagapamagitan.

**Mga Alalahanin at Reklamo:** Kung kayo ay nag-aalala na maaaring nalabag ang inyong karapatan sa pagkapribado, maaari kayong makipag-ugnayan sa aming team sa Pagkapribado sa privacyoffice@commonspirit.org, o tumawag sa 1.833.793.0588. Maaari rin kayong magsumite ng nakasulat na reklamo sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa 200 Independence Avenue, S.W., Washington, D.C. 20201, pagtawag sa 1.877.696.6775, o pagbisita sa hhs.gov/hipaa. Hindi kami gaganti laban sa inyo sa paghahain ng reklamo.